CITY OF LONG BEACH

PRESS RELEASE

PAHAYAG SA PRESS

Mayo 13, 2021
Kontak: Joint Information Center ng Lungsod ng Long Beach, 562.570.NEWS (6397), jic@longbeach.gov

Para sa Agarang Release

Nag-aalok ang Kagawaran ng Kalusugan ng Tulong sa Pag-enroll sa Medikal na Insurance ng Estado

Ibinabalita ng Covered California ang mga Bagong Landas sa Coverage

Long Beach, CA – Nagbibigay ng tulong sa pag-enrol ang Kagawaran ng Kalusugan at Mga Serbisyong Pantao ng Long Beach (Kagawaran ng Kalusugan) sa mga maaaring karapat-dapat sa Medi-Cal at Covered California. Nag-aalok ang parehong programa ng insurance na pinatatakbo ng estado ng access sa pangunahing pangangalaga, panggagamot sa emergency at mga serbisyo sa kalusugang pangkaisipan sa lahat ng kwalipikado.

“Bilang bahagi ng American Rescue Plan, magiging available ang mga pambayad sa pangkalusugang insurance nang walang limitasyon dahil sa kita o mga dati nang umiiral na kondisyon at nasa mas mababang halaga ng coverage,” sabi ni Alkalde Robert Garcia.

Inanunsyo kamakailan ng Covered Califonia na makakapag-enroll ang lahat ng mga karapat-dapat na consumer sa buong huling bahagi ng taong ito.

Available ang tulong mula 8 a.m. hanggang 5 p.m nang weekdays sa 562.570.7979. Ang Mga Sertipikadong Tagapayo sa Pag-enroll ay nagsasalita ng English, Spanishat Khmer, at may access sa Tagalog at marami pang ibang wika. Maaaring ipadala ang mga tanong sa coveredlb@longbeach.gov.

Magkaka-access ang mga taong nagpaparehistro sa pamamagitan ng Covered California sa mga pribadong plano ng pangkalusugang insurance. Lubhang mas mababa ang mga buwanang premium para sa tinatayang 2.5 milyong taga-California dahil sa $3 bilyong pagsasalin ng mga subsidiya sa pangangalaga ng kalusugan mula sa American Rescue Plan. Dagdag nito, makakatanggap ang mga indibidwal na nakatatanggap ng Unemployment Insurance Benefits (UIB) ng karagdagang pinansyal na tulong upang mapababa ang mga buwanang premium at gastusing galing sa sariling bulsa. Maaaring bumili ang mga consumer na ito ng coverage na nasa antas na Bronze na maaaring maging kasingbaba ng $1 bawat

buwan. Pagkapili ng plano, magsisimula ang kanilang coverage sa unang araw ng susunod na buwan.

Medi-Cal
Maaaring malaman ng mga consumer na nagpaparehistro sa pamamagitan ng CoveredCA.com na sila ay karapat-dapat sila sa libre o mababang halagang coverage sa pamamagitan ng Medi-Cal, na maaari nilang i-enroll online. Maaaring magkaroon ang mga karapat-dapat sa Medi-Cal ng coverage na agad na magkakabisa. Hininto ng California ang mga pagsusuri ng renewal ng Medi-Cal at mga pagpapatigil hanggang sa pagtatapos ng pampublikong kalusugan sa emergency, na sinisiguradong makakapagpatuloy ng kanilang coverage ang mga naka-enroll.

Rapid Assessment Clinic (RAC)
Kung may sakit kang nangangailangan ng medikal na atensyon bago maging aktibo ang coverage ng iyong pangangalaga ng kalusugan, pakibisita ang Rapid Assessment Clinic (RAC), isang libreng klinikang nagbibigay ng pagsusuri at panggagamot para sa mga karaniwang sakit tulad ng mga pananakit ng tainga at mga impeksyon sa daanan ng ihi. Ang RAC sa Long Beach City College Pacific Coast (1305 E. Pacific Coast Hwy.) ay bukas mula 10 a.m. hanggang 1 p.m, nang weekdays. Hindi kailangan ng appointment.

Para sa pinakabagong impormasyon sa COVID-19, na may mga detalye sa lahat ng ginagawa ng Lungsod ng Long Beach upang panatilihing ligtas ang mga residente nito, pakibisita ang longbeach.gov/COVID19 at i-follow ang @LongBeachCity sa Facebook, Twitter at Instagram.

###